# THE TAMARAO JOURNAL


WHAT'S INSIDE?


3 Calapan City Health Card Distribution



VOLUME 2 No. 09 Jan. 09, 2023 - Jan. 15, 2023


# BAGONG PASSENGER TERMINAL BUILDING SA PORT OF CALAPAN, IPINASILIP




NAKATAKDANG BUKSAN sa publiko sa darating na Marso ng taong kasalukuyan ang bago, moderno at maituturing na pinakamalaking Passenger Terminal Building (PTB) sa buong Pilipinas sa Port of Calapan, Oriental Mindoro.

Kaugnay nito, noong Enero 10, nagsagawa ng inspeksyon si Philippine Ports Authority (PPA) General Manager Jay Santiago at DOTr Usec for Maritime Sector Elmer Sarmiento sa naturang malaking proyekto.

Ayon kay PPA Port Management Office (PMO)- Mindoro Port Manager Engr. Elvis Medalla, moderno ang bagong PTB at kalagayan ng mga tao ang kinonsidera dito. *"Para talaga ito sa mga pasahero ng Calapan Port, nararapat lang na bigyan natin sila ng kalidad na serbisyo at world class facility na pwede nilang magamit habang nag-aantay ng biyahe"*.

Bahagi ng mga pasilidad nito ang prayer room, breastfeeding station, children playroom, clinic, at modernong elevator at escalator na magagamit ng mga pasahero. Ayon kay GM Santiago, malaking bagay sa pasahero ang malaking terminal dahil kaya nitong mag-accommodate ng 3,500 na pasahero sa kahit anong oras.

Inaasahan namang ang bagong PTB ay magbibigay ng malaking kaginhawaan sa mga pasahero upang maging kumbinyente ang kanilang biyahe.

Nagkakahalaga ang proyektong ito ng Php 353M at may target completion date na Pebrero 18, 2023 o 720 calendar days. (Via Philippine Ports Authority FB page)







THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS
PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT


THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM

TINGNAN: Maging masinop sa pondong ipinagkatiwala sa bawat tanggapan sa Kapitolyo at magkaroon ng mahusay na pagpaplano ng pondo para sa taong 2023 kung saan maraming karaniwang mamamayan ang dapat na matutulungan.

Ito ang binigyang diin ni Gobernador Bonz Dolor sa ipinatawag niyang First Management Committee Meeting (MANCOM) sa mga hepe ng Kapitolyo na ginanap sa Oriental Mindoro Heritage Museum upang pakinggan ang ulat ng bawat hepe ng tanggapan hinggil sa mga programa at proyektong naipatupad ng mga ito sa taong 2022 at kung paano ginugol ang pondong ipinagkatiwala sa kanila ng pamahalaan.


Kabilang din sa naging tampok na usapin sa pagpupulong ang pagtukoy ng mga bakanteng lupa sa lalawigan partikular ang mga hindi nakakabayad ng kaukulang buwis na matamnan ito upang makaambag ang lalawigan sa pagpaparami ng pagkain sa bansa na siyang prayoridad ngayon ng kasalukuyang administrasyon ng pamahalaang nasyunal. (PIO Calapan)












**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**



# CALAPAN CITY HEALTH CARD DISTRIBUTION

LAMPAS 300 INDIBIDWAL ang mapalad na nakatanggap ng kani-kanilang health card, Miyerkules, ika-11 ng Enero taong kasalukuyan.

Ang naturang mga indibidwal ay residente mula sa mga barangay ng Nag-iba I, II, Gutad at Navotas.

Bakas naman sa mukha ng mga naroroon ang galak sa handog na helath card mula sa city government, sa pangunguna ng Ina ng lungsod – City Mayor Malou Flores-Morillo katuwang ang City Health Card Office na pinamamahalaan naman ni Madam Julie Paduada. Naroon din si Konsehal Atty. Ricka Goco na nagpahayag ng kaniyang pagkagalak dahil may pinatutunguhan ang lahat ng mga isinasagawa ng Pamahalaang Lungsod katuwang ang buong Sanggunian sa pangunguna naman ni Vice Mayor bim Ignacio.

Tunay na maaasahan at sandigang maituturing ang nasabing health card lalo na para sa mga taumbayan na mayroong payak na pamumuhay.

Lalo namang naging lubos ang pasasalamat ng mga nakatanggap ng naturang health card nang ipabatid ng Ina ng lungsod ang kanyang pagpapalawak pang lalo ng sakop ng health card. Aniya, ito ay para makatulong ng lubos sa usaping pangkalusugan ng taumbayan.

Ang health card distribution ay bunga ng nakaraang Serbisyong TAMA Barangay Caravan, na naglalayong ilapit sa mga mamamayan ang iba't-ibang serbisyo na nagdudulot ng kaalwanan sa pamumuhay ng taumbayan (Kate Redublo/CIO).





# NON-PERMANENT EMPLOYEES, SUMAILALIM SA SEMINAR NG BIR

UMABOT sa 457 na non-permanent employees ng Pamahalaang Panlalawigan ang sumailalim sa seminar ng Bureau of Internal Revenue na ginanap sa Bulwagang Panlalawigan noong ika-13 ng Enero.

Pangunahing layunin ng gawain na maintindihan ng mga non-permanent na empleyado ang kanilang obligasyon sa pagbabayad ng buwis simula sa registration, pagsusumite ng mga kinakailangang dokumento at iba pang kaakibat na obligasyon hinggil dito.

Wala mang employee-employer relationship ang mga non-permanent employees na kinabibilangan ng mga contractual, casual at job orders ngunit may mga obligasyon pa rin sila ayon sa mga alituntuning itinakda ng ating mga batas.

Naging pangunahing tagapagsalita sa aktibidad si Revenue District Officer Atty. Emelita Abo samantalang kasama niya bilang facilitators sina Chief, Support Client Section Merian Romero at Chief, Collection Section Jojo Barrientos.

Ipinaalala din ni Atty. Abo na napakahalaga na kapag hindi na narenew ang kontrata ay ipapaalam sa BIR at mag-fill-up ng form upang maipatigil na ang paniningil ng buwis sa nasabing indibidwal. Marami nang pangyayari, aniya, na hindi ipinaalam sa kanilang tanggapan ang hindi pagkakarenew ng kontrata kaya sa kanilang record ay tuluy-tuloy pa rin ang nakalistang babayarang buwis. Malalaman na lang ng indibidwal na mayroon siyang utang sa buwis na may kasama nang penalty kapag natanggap na sa ibang trabaho.



Upang mas mapabilis at mapagaan ang transaction sa kanilang tanggapan, ibinalita ni Mrs. Romero na mayroong e-Services na maaaring ma-avail ng publiko tulad ng e-Appointment, NewBizReg Portal, eBIR-Forms, eSubmission, eAFS, ePAY, eONETT, eDST, eTCB-TCVC at ORUS na nasa kanilang website.

Maaari rin anila na kausapin virtually ang kanilang chatbot na si Revie para sa beripikasyon ng Tax Identification Number, pagtukoy ng Revenue District Office kung saan nakarehistro at mga iba pang kaukulang impormasyon. Maari ring bisitahin ang website ng BIR sa www.bir.gov.ph.



Pinangasiwaan ang nabanggit na seminar ng Provincial Human Resource and Management Office na pinamumunuan ni PHRM Officer Anna Marie DC. Reyes. (PIO Calapan)

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 09 Jan. 09, 2023 - Jan. 15, 2023

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *Book Launching ng 'Wilhelm Finneman SVD Filipino Martyr' Isinagawa!*

SINUPORTAHAN ni Governor Humerlito Bonz Dolor ang book launching ng 'Wilhelm Finneman SVD Filipino Martyr' na inakda ni Fr. Michael Layugan, SVD na ginanap sa DWCC Basic Education Gymnasium noong Enero 12.

Kaugnay nito, mataas na pagkilala at mataas na pagpapahalaga sa mga SVD at DWCC community ang ipinadama ng Ama ng Lalawigan na matatandaang naging bahagi rin bilang dating seminarian at professor naman ng naturang institusyon. Binigyang diin din niya sa kanyang mensahe ang pagbabalik -tanaw at naging malaking sakripisyo ng dati at kauna-unahang Obispo ng Calapan na si Bishop Finneman (1936-1942).

Kaugnay pa nito, tampok sa book launching ang unveiling nito na pinangunahan ni Fr. Layugan katuwang ang naturang mga opisyal ng lalawigan.



Nakapaloob naman sa inakda niyang aklat ang tala ng kasaysayan nang mga naging ambag ni Bishop Finneman. Sa pagbabalik tanaw sa kanyang mga nagawa, ipinakita nito ang kanyang matibay na paninindigan, mataas na respeto at ang kanyang hindi matatawarang pagkalinga at pagtataguyod sa dignidad ng mga kababaihan noon.

Maikokonsidera namang simple at napakahusay ng pagkakasulat ng may akda nang mga detalye ng buhay ni Bishop Wilhelm at maituturing itong isang napakagandang aklat na naglalamannginspirasyon na minsa'y may isang nilikhang nag-alay ng kanyang buhay para sa kapakanan at kabutihan ng kanyang kapwa tao at kapwa Filipino.

Samantala, maliban kay Gov. Bonz sumuporta rin sina Oriental Mindoro First District Representative Cong. Arnan C. Panaligan at Calapan City Mayor Malou F. Morillo na kapwa nagbigay diin ng pagpupugay at pagkilala sa ginawang sakripisyo ng dating Obispo. (PIO Calapan)

